

Nagsisimula ang Programa sa Pagwawalis sa Kalye ng Lungsod ng Brampton

BRAMPTON, ON (Marso 31, 2021) – Simula sa linggong ito, sisimulan ng Lungsod ng Brampton ang 2021 Programa sa Pagwawalis sa Kalye sa mga panresidensyang kalye. Magsisimula ang pagwawalis sa lahat ng iba pang dako sa Martes, Abril 6.

Ang buhangin at debris ay winawalis mula sa mga daan sa Lungsod sa panahon ng spring para panatilihin malinis ang mga kalye at mga sewer. Pumipigil ito sa mga debris mula sa pagbara sa mga storm sewer at nagbibigay ng ligtas at malinis na mga daan para sa mga drayber at mga taong naglalakad. Kabilang sa Programa sa Pagwawalis sa Spring ang:

- Lahat ng mga daan na pag-aari ng Lungsod na may aspalto sa ibaba, kabilang ang mga tulay, catch basins at mga gutter
- Mga matitigas ang ibabaw na boulevard at median
- Mga bangketa at mga walkway na pina-plow ng Lungsod sa panahon ng winter
- Mga paradahan sa mga Panlibangang Sentro ng Lungsod ng Brampton at iba pang mga pasilidad ng Lungsod
- Ang mga daan ng bansa na walang mga curb ay pina-flush at/o winawalis kung kailangan
- Pagwawalis sa bangketa
- Pagtanggap sa mga salt box at snow fencing
- Power washing sa mga boulevard
- Pagkumpuni sa sod
- Pagpulot sa mga kalat, sa pakikipagtulungan sa Parks Department ng Lungsod

Sa panahon ng Programa sa Paglilinis sa Spring, ang mga residente ay pinaalalahanan na:

- Hindi pumarada sa mga panresidensyang kalye sa pagitan ng 7 am at 4 pm, Lunes hanggang Biyernes
- Tiyakin na ang mga sasakyang nakaparada sa mga driveway ay hindi naka-hang sa mga kalye
- Ilagay ang mga basurahan at ang mga recycling box na malayo mula sa daan sa mga araw ng pangongolekta
- Ilayo mula sa daan ang basketball at hockey nets at sapat ang layo mula sa curb
- Maging maunawain. Habang nagpapatuloy ang paglilinis sa daan, maaaring maingay at maalikabok
- Maging matiyaga dahil ang lamig at ang maulan na panahon ay pumipigil sa mga tagawalis ng kalye mula sa pagkilos. Kailangang patuloy na higit pa sa zero ang temperatura para gagana ang programa

Para alamin ang higit pa tungkol sa Programa sa Paglilinis sa Spring at alamin kung ano ang nagaganap sa inyong kalapitbahayan, i-click [dito](#).

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca